

Gawing mas abot-kaya ang mga inireresetang gamot para sa mga taga-California



California Bibili ng Tatak CalRx® na Over-the-Counter (OTC, Nabibili nang Walang Reseta) na Naloxone sa halagang \$23

Ang California, na ginagambala ang industriya ng gamot sa pamamagitan ng CalRx®, ay bumibili na ngayon ng nakakaligtas-buhay na OTC naloxone nasal spray para lamang sa halagang \$23 kada twin pack. Ito ang pinakamababang presyo sa bansa!

Paano ako makakakuha ng naloxone sa pamamagitan ng inisyatiba na ito?

Mayroong dalawang paraan na maaaring kumuha ang isang entidad ng CalRx® naloxone nasal spray:

1. Mula sa California Naloxone Distribution Project (NDP). Ang mga karagdagang tagubilin sa kung paano magsumite ng aplikasyon sa NDP ay makikita sa [website ng NDP](#).
2. Ang lahat ng taga-California ay maaaring bumili ng naloxone nang direkta mula sa aming website. Higit pang impormasyon tungkol sa opsyon na ito ang matatagpuan sa aming [website ng CalRx®](#).

Ang CalRx® naloxone nasal spray product ba ay katulad ng Narcan®?

Ang produktong CalRx® naloxone nasal spray ay isang inaprubahan ng FDA na generic na katumbas ng OTC Narcan®. (Ang Narcan® ay isang rehistradong trademark ng Emergent Operations Ireland Limited.)

Pareho ba ang produkto ng CalRx® naloxone nasal spray sa produkto ng Amneal?

Ang mga produktong ito ng naloxone nasal spray ay magkapareho maliban sa pag-label.

Kakailanganin ko ba ng reseta para bumili ng CalRx® naloxone nasal spray?

Hindi, ang CalRx® naloxone nasal spray ay isang over-the-counter na produkto at maaaring mabili nang walang reseta.

Saan ginawa ang produkto ng CalRx®/Amneal?

Ang Amneal Pharmaceuticals ay ginagawa ang OTC naloxone nasal spray nito sa pasilidad nito na nakabase sa US sa New Jersey.

**Murang halaga,
Transparent na
Presyo**

**Gawing Abot-kaya ang mga
Inireresetang Gamot para
sa lahat ng taga-California**

**Walang Rebate o Coupom
(maliban sa ipinag-uutos
ng pederal na pamahalaan)**

Sa oras na mag-order ang isang entidad sa pamamagitan ng NDP, gaano katagal ang aabutin para matanggap ang lokal organisasyon upang makatanggap ng bagong produkto ng Amneal Pharmaceuticals?

Ang DHCS ay nangongolekta at nagpapadala ng mga order ng NDP nang lingguhan. Kapag natanggap na ng Amneal Pharmaceuticals ang order, aabutin ng 4-5 araw ng negosyo para matanggap ng organisasyon ang produkto – ang parehong timeline gaya ngayon.

Mabibili ba ang CalRx® naloxone nasal spray sa isang parmasya? Maaari ko bang bilhin ang produktong CalRx® naloxone nasal spray online?

Maaaring mabili ang CalRx® nang direkta mula sa aming website. Mangyaring bisitahin ang aming [website ng CalRx®](#).

Mayroon bang anumang gastos na nakapaloob sa pagkuha ng naloxone, at kung gayon, ano ang mga detalye?

Ang mga kwalipikadong organisasyon ay maaaring makakuha ng CalRx® naloxone nasal spray nang walang bayad mula sa NDP sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang online na aplikasyon na matatagpuan sa [website ng DHCS](#). Kasama sa aplikasyon ang mga tagubilin, pati na rin ang mga tuntunin at kondisyon ng paglahok sa NDP.

Ang ibang mga entidad na nakabase sa California ay maaaring bumili ng naloxone nang direkta mula sa Amneal Pharmaceuticals sa parehong presyong \$23 bawat twin pack, na napapailalim sa ilang partikular na kinakailangan kabilang ang pagtatatag ng account sa Amneal Pharmaceuticals upang bumili ng OTC naloxone nasal spray at pagbabawal sa pagbebenta. Higit pang impormasyon tungkol sa opsyon na ito ang matatagpuan sa aming [website ng CalRx®](#).

Ang Amneal ba ay magbebenta ng naloxone nasal spray sa ibang mga estado o lokal na pamahalaan tulad ng ginagawa nila para sa California? Maaari bang bumili ang ibang mga estado ng CalRx® naloxone nasal spray sa presyong \$23? Gagawing available ba ng Amneal ang presyong ito sa lahat ng customer at konsumidor?

Ang presyong \$23 ay para sa mga organisasyong nakabase sa loob ng California na nakakatugon sa mga kinakailangan sa kasunduan sa Amneal. Ang CalRx® naloxone ay maaari ring bilhin ng mga indibidwal sa pamamagitan ng pagbisita [sa https://calrxnaloxone.com/](https://calrxnaloxone.com/).

Ang Amneal ay nakatuon sa pagpapabuti ng pag-access sa nakapagliligtas-buhay na gamot na ito, at tinatanggap ang pagkakataong makipag-ugnayan sa ibang mga tanggapan ng pamahalaan.

Mayroon bang pagsasanay o mga mapagkukunang pang-edukasyon na magagamit para sa wastong paggamit ng naloxone?

Ang mga tagubilin para sa paggamit ay makukuha sa iba't ibang format online sa <https://amnealnaloxone.com/how-to-use/>. Ang produkto ay nakapakete kasama ang mga tagubilin na naka-print sa karton at kasama rin ang bawat sprayer device.

Kanino ako makikipag-ugnayan kung mayroon akong mga side effect o pinaghihinalaan kong may mali sa aking CalRx®/Amneal OTC naloxone nasal spray?

Upang mag-ulat ng masamang kaganapan na nauugnay sa isang produkto ng Amneal/CalRx®, makipag-ugnayan sa Amneal Drug Safety sa **1-877-835-5472**, opsyon 3 o sa DrugSafety@amneal.com.

Inirerekomenda ba ng California sa mga tao na bumili ng naloxone bilang isang hakbang sa pag-iingat?

[Inirerekomenda ng CDC](#) ang pagdadala ng naloxone upang makatulong na iligtas ang buhay ng isang taong nakakaranas ng pagka-overdose hanggang sa dumating ang medikal na tulong-pang-emerhensiya, lalo na kung ikaw o isang taong kilala mo ay nasa mas mataas na panganib na ma-overdose.

Magiging libre ba ang produktong ito para sa mga residente ng California?

Ang mga kwalipikadong organisasyon ay maaaring makakuha ng CalRx® naloxone nasal spray nang walang bayad mula sa NDP sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang online na aplikasyon na matatagpuan sa [website ng DHCS](#).

Nakukuha ba ang mga pasyente ng Medicaid/Medicare ng produkto nang libre, at kung gayon, paano?

Sa California, sinasaklaw ng Medi-Cal ang naloxone nang walang copayment, na ginagawa itong naa-access nang walang bayad para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal. Ang saklaw ng Medicare para sa naloxone ay maaaring mag-iba-iba; Sinasaklaw ng ilang plano ng Medicare Advantage ang over-the-counter na naloxone. Mahalagang alamin sa iyong partikular na plano para sa mga detalye ng saklaw.

Magbabayad ba ang insurance para sa aking produktong CalRx® naloxone nasal spray? Sasagutin ba ng aking insurance ang produktong CalRx® naloxone nasal spray?

Ang coverage ng insurance para sa over-the-counter na naloxone ay iba-iba depende sa plano. Bagama't karaniwan para sa mga plano sa insurance na pangkalusugan na hindi saklawin ang mga over-the-counter na gamot, marami ang nagsisimulang isama ang naloxone dahil sa kahalagahan nito sa pagbaligtad ng mga pagka-overdose sa opioid. Ang coverage ay nakadepende sa indibidwal na plano ng insurance, kaya inirerekomenda na alamin sa iyong partikular na insurer upang makita kung saklaw nila ang naloxone ngayong available na ito nang over-the-counter.

Maaari ko bang gamitin ang aking mga pondo sa flexible spending account (FSA) para bumili ng produktong CalRx® naloxone nasal spray?

Pinalawak ng Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security (CARES) Act, na pinagtibay noong Marso 2020, ang listahan ng mga karapat-dapat na gastusin upang isama ang ilang OTC na gamot, mga gamot, at produkto nang hindi nangangailangan ng reseta. Gayunpaman, mahalagang palaging alamin sa iyong benefits administrator upang matukoy kung aling mga gamot ang karapat-dapat.

Paano ko makukuha ang presyong ito para sa produktong may tatak na Narcan®?

Ang \$23 na presyo ay para lamang sa mga produktong CalRx® at may tatak na Amneal na naloxone nasal spray sa ilalim ng mahalagang kasunduang ito.

Saan ako pupunta kung gusto kong malaman ang higit pang impormasyon?

Inilunsad ng California Department of Public Health ang [website ng Bagong Mapagkukunan para sa Opioid](#) na nagbibigay sa mga taga-California ng isang mapagkukunan para sa pag-iwas, data, paggamot, at impormasyon tungkol sa suporta. Ang website na opioids.ca.gov, ay bahagi ng maraming pamamaraan ni Gobernador Newsom upang ikonekta ang mga taga-California sa impormasyon upang maiwasan at mabawasan ang mga pagka-overdose at pagkamatay at suportahan ang mga nahihirapan sa paggamit ng droga at pagkagumon.

Dapat bumisita ang lahat ng taga-California sa opioids.ca.gov upang matuto nang higit pa at tulungan kaming ipalaganap ang kaalaman at makaligtas ng buhay. Sama-sama, makakagawa tayo ng pagkakaiba sa paglaban sa krisis na ito.

Inaprubahan ba ng FDA ang produktong ito?

Oo, nakatanggap ito ng pag-apruba ng FDA noong Abril 23, 2024.